

Mga umiiral at planadong panukala para sa promosyon ng pagkakapantay-pantay ng iba't ibang lahi

Kawanihan ng Pagpaplano at Pagpapaunlad ng Kalupaan

Ang Kawanihan ng Pagpaplano at Pagpapaunlad ng Kalupaan (Planning and Lands Branch of the Development Bureau DEVB(PLB)) ay responsable para sa pamamahala sa mga patakaran sa pagpaplano, pagpapaunlad, paggamit ng lupa at suplay, administrasyon ng lupa, pagpaparehistro ng lupa, pagbabago sa mga lungsod at kaligtasan sa pagpapatayo. Ito ay mahalaga sa pagbibigay ng akses sa mga etnikong minoridad sa mga impormasyon ng gobyerno at mga serbisyong ibinibigay ng Kawanihan. Ang mga panukala na nagsusulong sa pagkakapantay-pantay ng iba't ibang lahi at pagkakapantay-pantay sa akses sa mga serbisyo ng komunidad para sa mga etnikong minoridad ay ipinapatupad.

A. Serbisyo Para sa mga Katanungan ng Publiko

- | | |
|---|--|
| Mga
Kaugnay na
serbisyo | ● Ang publiko ay maaaring makakuha ng impormasyon tungkol sa DEVB(PLB) sa pagtawag, email at paghiling gamit ang mga Alituntunin sa Pag-akses ng Impormasyon. Upang masiguro na mapadali ang pag-akses ng publiko sa mga serbisyo para sa mga katanungan, kahit ng ibang lahi, may mga panukalang ipinapatupad upang hind maging hadlang ang pagkakaiba ng wika na kasama sa serbisyo. |
| Mga
Umiiral na
Panukala | ● Ang serbisyo sa pagpapaliwanag o pagsasalin ng lenggwahe ay maaaring maisagawa kung kinakailangan at naaangkop. |
| Pagsusuri sa
mga Trabaho
sa Hinaharap | ● Ang mga puna tungkol sa pagiging epektibo ng serbisyo interpretasyon ay kokolektahin mula sa mga users ng ibang lahi upang masuri at para sa pagpapabuti. |

B. Hukuman Pang-apela (Gusali)

- | | |
|----------------------------------|---|
| Mga
Kaugnay
na
serbisyo | ● Ang Hukuman Pang-apela (Gusali) o Appeal Tribunal (Buildings) (ATB) ay itinatag sa ilalin ng seksyon 48 ng Ordinansa Panggusali Kabanata 123 ng Mga Batas ng Hong Kong para sa layunin sa paglilitis at pagtutukoy sa apela laban sa desisyon ng Awtoridad Pagpapatayo na isinampa ng taong naargabyado ng nasabing desisyon. |
|----------------------------------|---|

Mga
Umiiral
na
Panukala

- Ang mga impormasyon tungkol sa ATB ay mababasa sa website ng ATB sa dalawang opisyal na lenggwae (hal. Chinese at English). Sa karagdagan, ang mga polyeto ng impormasyon ay nakalathala rin sa parehong opisyal na lenggwae upang maipamahagi sa publiko.
- Ang ATB ay maghahanda ng serbisyo pang-interpretasyon para sa mga paglilitis, kung kinakailangan.

Pagsusuri sa
mga Trabaho
sa Hinaharap

- Madalas na susuriin ng ATB ang gaming serbisyo upang masiguro na natutugunan ang mga pangangailangan ng mga tao ng iba't ibang lahi.

Mga
karagdagang
panukala na
nagawa/gaga
win

- Hihikayatin ng ATB ang kanilang mga tauhan na dumalo sa mga pagsasanay upang madagdagan ang kanilang kaalaman at damdamin tungkol sa pagkakapantay-pantay ng iba't ibang lahi.
- Sisiguraduhin ng ATB na ang mga pangangailangan ng mga etnikong minoridad ay mapagbibigyang pansin at magpapasatupad ng mga panukala na kinakailangan upang masiguro na ang lahat ng mga serbisyo ay naibibigay sa lahat ng miyembro ng publiko ng pantay-pantay, anuman ang kanilang lahi.

C. Pagsasanay sa mga Kawani

Mga
Kaugnay
na
serbisyo

- Upang mapahusay ang kamalayan ng mga frontliners tungkol sa pagkasensitibo ng usapang lahi at ang pang-unawa nila tungkol sa Ordinansa Ukol sa Diskriminasyon sa Ibang Lahi.

Mga
Umiiral
na
Panukala

- Ang DEVB(PLB) ay patuloy na makikipagtulungan sa Lupon ng Pantay na mga Oportunidad, Kawanihan ng mga Konstitusyunal at Pangyayari sa Bansa, Institusyon sa Pagsasanay at Pagpapaunlad ng Serbisyo Pampubliko o mga organisasyon na hindi ugnay sa gobyerno upang makapagbigay ng pagsasanay para sa mga frontliners.

Pagsusuri sa
mga Trabaho
sa Hinaharap

- Ang mga puna ng staff ay kokolektahin upang mapabuti ay nilalaman ng mga materyales na ipinapakalat.

Para sa mga katanungan tungkol sa mga umiiral at planadong panukala sa promosyon ng pagkakapantay-pantay ng iba't ibang lahi, mangyaring pakipag-ugnayan sa Senior Executive Office (Administrasyon) sa mga sumusunod na impormasyon –

Opiser	:	Ms Aileen CHAN
Numero ng telepono	:	3509 7812
Numero ng fax	:	2509 9988
Postal Address	:	18/F, West Wing, Central Government Offices, 2 Tim Mei Avenue, Tamar, Hong Kong

**Kawanihan ng Pagpaplano
at Pagpapaunlad ng
Kalupaan
Hunyo 2025**